

Mga Mungkahing Paraan ng Pagtuturo ng Epiko Sa Basic Education Hanggang Kolehiyo

ALVIN B. YAPAN, Ph.D.

Kagawaran ng Filipino, Ateneo de Manila University

PANIMULA

Kinakailangang papurihan ang pinasimunuang paligsahan ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) sa pagpinta ng mga bayani ng epiko, dahil natutugunan nito ang isang napakalaking kakulangan sa pagtuturo ng epiko sa bansa. Kadalasan, kapag ipinalalarawan sa mga estudyante kung ano ang hitsura ng mga bayani ng epiko, wala nang ibang pumapasok sa isip nila kung hindi na nakabahag at walang saplot na pang-itaas ang ating mga bayani. Literal na ipinahihiwatig ng ganitong uri ng imahinasyon ang kultural na kahirapan nating mga Pilipino. Wari bang nakalimutan na natin ang kayamanang pangkultura, maging ang likas-yaman, ng ating mga ninuno na matutunghayan sa mga epiko. Naririto ang halaga ng pagtuturo ng epiko sa mga estudyanteng Pilipino. Hindi lamang upang kilalanin ang kultura ng katutubo sa isang etnograpike at antropolohikong antas, o sa paimbabaw na kahingi-ang tugunan ang paglingon sa nakaraan, kung hindi na makita ang kultura ng bayan bilang kasudlong ng katutubong kultura, at higit na mayaman dahil dito. Sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan na hindi naman etnograpiya at antropolohiya ang pakay, magiging mahalaga ang epiko bilang mapagdudukalan ng katutubong imahinasyon sa pagbubuo ng tinatawag na kontra-kultura ng imahinasyon.¹ Idineklara ng UNESCO ang Hudhud at Darangen bilang mga *Masterpiece of Oral and Intangible Heritage of Humanity*. Maaaring maituro sa atin ng mga epiko ang katutubong uri ng imahinasyon na napaghanguan rin ng mga Latino-Amerikano ng sasantatahin upang suwagin ang Realismo ng imahinasyon ng Kanluran, at pagmulan ng mga natatanging likaw ng pag-iisip upang unawain ang kasalukuyang kalakaran ng galaw ng pamumuhay ng mga Pilipino.

MGA SAGABAL SA PAGTUTURO NG EPIKO

Makilala man natin ang halaga ng pagtuturo ng epiko sa mga

1 Michael Dash, "Marvellous Realism: The Way Out of Negritude," *Caribbean Studies* Vol. 13 No. 4 (January 1974): 57-70.

estudyanteng Pilipino, napakarami pa ring sagabal na kailangang lampasan upang maisakatuparan ang ganitong tunguhin nang mahusay at epektibo.

Una, dahil kabilang sa tinatawag na pabigkas na tradisyon, hindi maiiwasan na magkaroon ng napakaraming bersiyon ang ituturong epiko. Kailangang idiin na nasa ganito ngang katangian ng epiko ang kayamanan mismo nito; ibig sabihin lamang na buhay na buhay ang epiko magpahanggang ngayon. Ngunit sa kapakanan ng pagtuturo sa loob ng paaralan, may pangangailangang may mapagtututungang matibay na pundasyon, isang hindi matitinag na lupa, ang pagtuturo ng epiko. Dahil kung iba-iba ang ituturo sa loob ng paaralan, hindi rin naman magkakaunawaan ang mga estudyante na magmumula sa iba't ibang bahagi ng bansa. Maaari pa rin namang ituro ang iba pang mga bersiyon; ngunit, bilang pumapangalawa na lamang sa mga batayang teksto ng isang epiko.

Sa kasalukuyan, nasasagot na ang ganitong sagabal ng ginawang paglilista ng PCEP ng mga bayani ng epiko at paglilista rin ng mga opisyal na sanggunian. Sa ganito ring tunguhin, inirerekomenda ang muling paglilimbag at pagpapakalat ng mga kopya ng *Antolohiya ng mga Panitikang Asean: Mga Epiko ng Pilipinas*, na siya na yatang pinakamainam na pagtatangka na pagsama-samahin sa iisang batayang teksto ang iba't ibang mga bersiyon ng ilang epiko sa bansa. Kung kaya, magkaroon man ng ibang bersiyon, may mababalikan nang masasabing batayang teksto na maaaring mapaghambingan ng natuklasang bersiyon. Ang mga sumusunod ang inilistang mga epiko ng PCEP kasama ng kanilang mga batayang sanggunian.

LISTAHAN NG MGA EPIKO AT SANGGUNIAN SA BROCHURE

Epiko/Grupong Pangkulturang Pinagmulan	Bayaning Bayan	Sanggunian
<p align="center">Hudhud Ifugao</p>	<ol style="list-style-type: none"> 1. Pumbakhayon 2. Bugan 3. Aliguyon 	<ul style="list-style-type: none"> • Castro, Jovita Ventura, et al. 1984. Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas. Komite ng Kultura at Kabatiran ng ASEAN. • Demetrio, Francisco. 1979. "An Overview of Philippine Epics." Kinaadman. Vol I, 9-28. • Lambrecht CICM, Francis. 1960. "Hudhud of Aliguyon Who Was Bored by the Rustle of the Palm Tree at Aladugan." Foklore Studies. Vol XXIX, 1-173. • Lambrecht CICM, Francis. 1961. "Hudhud of Bugan with Whom the Ravens Flew Away at Gonhadan." Foklore Studies. Vol XX, 136-273.
<p align="center">Ullalim Kalinga</p>	<ol style="list-style-type: none"> 4. Banna 	<ul style="list-style-type: none"> • Billiet CICM, Francisco and Francis Lambrecht CICM. 1970. Studies on Kalinga Ullalim and Ifugaw Ortography. Baguio: Catholic School Press. • Billiet CICM, Francisco and Francis Lambrecht CICM. 1974. The Kalinga Ullalim II. Baguio: Catholic School Press. • Demetrio, Francisco. 1979. "An Overview of Philippine Epics." Kinaadman. Vol I, 9-28.

Lam-ang Ilocano	5. Lam-ang	<ul style="list-style-type: none"> • Castro, Jovita Ventura, et al. 1984. Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas. Komite ng Kultura at Kabatiran ng ASEAN. • Manuel, E. Arsenio. 1963. "A Survey of Philippine Epics." Asian Folklore Studies. Vol. XXII, 1-76. • Yabes, Leopoldo. 1935. The Ilocano Epic. Manila: Carmelo and Bauerman Inc.
Humadapnon Sulod in Panay	6. Labaw Donggon 7. Humadapnon 8. Dumalapdap	<ul style="list-style-type: none"> • Barte, Gina. 1985. "A Synopsis of the Story of Humadapnon (A Song of the Hinilawod Epic)." Danyag. Vol. III, 175-182. • Jocano, F. Landa. 1964. "The Epic of Labaw Donggon." Philippine Social Sciences and Humanities Review. Vol XXIX.
Labaw Donggon Sulod in Panay	9. Labaw Donggon 10. Baranugun	<ul style="list-style-type: none"> • Castro, Jovita Ventura, et al. 1984. Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas. Komite ng Kultura at Kabatiran ng ASEAN. • Jocano, F. Landa. 1964. "The Epic of Labaw Donggon." Philippine Social Sciences and Humanities Review. Vol XXIX.

<p>Sandayo Subanon of Zamboanga</p>	<p>11. Sandayo 12. Bolak Sunday 13. Benebong</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Castro, Jovita Ventura, et al. 1984. Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas. Komite ng Kultura at Kabatiran ng ASEAN.
<p>Ag Tobig Nog Keboklagan (The Kingdom of Keboklagan) Subanon of Zamboanga</p>	<p>14. Taake 15. Tomitib Manaon</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Ochotorena, Gaudiosa Martinez. 1981. Ag Tobig nog Keboklagan. Kinaadman. Vol III, 343-543.
<p>Guman Subanon</p>	<p>16. Sakandal 17. Pailalam ri Bolak</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Malagar, Esterlina Mendoza. 1980. "The Subanon and the Guman: Introductory Essay." Kinaadman. Vol II, 253-274.
<p>Kudaman Palawan</p>	<p>18. Kudaman</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Macdonald, Nicole Revel and Edgardo Maranan. 1988. Kudaman. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
<p>Agyu Ilianon of Northern Cotabato</p>	<p>19. Agyu 20. Tanagyaw, Agyu's son</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Castro, Jovita Ventura, et al. 1984. Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas. Komite ng Kultura at Kabatiran ng ASEAN. • Ching-Unabia. 1986. • Demetrio, Francisco. 1979. "An Overview of Philippine Epics." Kinaadman. Vol I, 9-28. • Manuel, E. Arsenio. 1969. Agyu: The Ilianon Epic of Mindanao. Manila: University of Santo Tomas Press.

<p>Ulahingan Livunganen- Arumanen</p>	<p>21. Agyu 22. Baybayan (Agyu's son) 23. Lena/Lono (Agyu's brother)</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Ching-Unabia, Carmen. 1976. "An Exploratory Study of the Bukidnon Folk Literature." Master of Arts Thesis, Xavier University. • Demetrio, Francisco. 1979. "An Overview of Philippine Epics." <i>Kinaadman</i>. Vol I, 9-28. • Maquiso, Elena. 1977. <i>Ulahingan: An Epic of Southern Philippines</i>. Dumaguete City: Humanities Publications Series, Silliman University.
<p>Darangen Maranao</p>	<p>24. Bantogen/ Bantugan</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Manuel, E. Arsenio. 1963. "A Survey of Philippine Epics." <i>Asian Folklore Studies</i>. Vol. XXII, 1-76. • Miura, Taro. 1989. Review of <i>Darangen</i> by Mamitua Saber and Ma. Delia Coronel ICM. <i>Asian Folklore Series</i>. XLVIII, 319-322. • Saber and Coronel ICM. 1986. 1987. 1988.
<p>Parang Sabil Tausug</p>	<p>25. Panglima Hassan</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Kiefer, . 1968. • Manuel, E. Arsenio. 1963. "A Survey of Philippine Epics." <i>Asian Folklore Studies</i>. Vol. XXII, 1-76. • Rixhon. Gerard (ed). 1973. "The Parang Sabil of Abdulla and Putli Isara in Spanish Times: A Tausug Ballad Sung by Indah Annura." <i>Sulu Studies</i> No. 2. • Tuban, Rita. 1988. "The Tausug Parang Sabil." <i>Tambara</i>. Vol. V., 153-171.

<p>Tuwaang Manobo</p>	<p>26. Tuwaang</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Demetrio, Francisco. 1979. "An Overview of Philippine Epics." <i>Kinaadman</i>. Vol I, 9-28. • Manuel, E. Arsenio. 1958. <i>The Maiden of the Buhong Sky, A Complete Song From the Bagobo Folk Epic Tuwaang</i>. Quezon City: University of the Philippines Press. • Manuel, E. Arsenio. 1975. <i>Tuwaang Attends a Wedding</i>. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
-----------------------	--------------------	--

Ikalawa, upang mahusay at madaling maituro ang epiko sa mga estudyanteng Pilipino, nandoon din ang kahingian ng istandardisasyon ng kosmolohiya at kosmohoniya ng katutubong kultura. Sa kasalukuyan, masuwerte na kung kilala ng isang estudyante sina Kabunian at Bathala. Nakalulungkot isipin na kahit araw-araw tayong kumakain ng kanin, nawala na sa imahinasyon natin na may diyos pala ng palay. Ampuq at Paray ang tawag sa kanya sa epiko ng Kudaman. Bukod pa sa pagkakakilala ng mga diyos at diyosa ng katutubong kultura, kinakailangang maunawaan din ng estudyante kung paano tiningnan ng mga ninuno natin ang kaayusan ng santinakpan (kosmolohiya) at kaayusan ng mga diyos (kosmohoniya). Sa ganitong paraan lamang mapadadali ang pagtuturo ng epiko na nilikha ng isang kamalayang ibang-iba ang pagkakaunawa sa kaayusan ng santinakpan. Halimbawa, mapadadali lamang ang pagturo ng Kudaman ng Palawan kung maipauunawa sa mga estudyante kung papaano nila tiningnan ang mundo bilang may pitong nakatataas na antas at pitong nakabababang antas, na maaaring dala ng impluwensiya ng paniniwalang Hindu.

Sa kasalukuyan, wala pang ganitong malawakang pag-aayos ng iba't ibang kosmolohiya at kosmohoniya ng iba't ibang epiko.

Ikatlo, may kakulangan sa kagamitang panturo sa mga epiko. Bukod sa *Antolohiya ng mga Panitikang Asean: Mga Epiko ng Pilipinas* na itinigil na ang paglilimbag, nahihirapan ang mga guro na hanapin ang mismong kopya ng mga epiko. Kadalasan, natatagpuan lamang ang mga kopya sa iba't ibang aklatan ng mga pamantasan na kinakailangan pang ipakopya sa sariling gastos ng mga guro. Paano pa kaya ipababasa sa mga estudyante? Bukod sa mismong

mga kopya ng epiko, walang matatagpuang anumang gabay sa pagtuturo ng epiko upang kunsultahin ng mga guro. Kung minsan, hindi nagtataglay ng mga buod. Kung may buod man, isang buod para sa isang nag-aaral ng etnograpiya o antropolohiya, at hindi ng isang karaniwang estudyante na higit na nakatuon ang pag-unawa sa naratibo.

Tintugunan ang ganitong kahingian ng kasalukuyang publikasyon. Halimbawa, nandito ang biswal na representasyon ng mga bayani ng epiko, na nagtatangkang magtatag ng batayang ikonograpiya ng mga bayani. Epektibo ang ganitong ikonograpiya dahil sa ganitong parehong paraan ipinakilala sa atin ang iba't ibang santo ng paniniwalang Kristiyano. Sa ganitong paraan sa atin itinuro ang iba't ibang diyos at diyosa ng mga mitolohiyang Griyego, Romano, at iba pa. Ngunit kailangan ding tanggapin na marami pa ang kailangang gawin. Nandoon din ang kahingian sa larawan ng mga tribong pinanggalingan nila. Kung hindi man larawan, kahit kaunting pagpapaliwanag sa kulturang pinagmulan nila nang hindi lamang nakatuon sa entograpiko at antropolohikong halaga kung hindi pantulong sa higit na pag-unawa sa mismong naratibo ng epiko. Malaking tulong sa mga guro at estudyante kahit man lang ang etnograpikong pagmamapa ng iba't ibang epiko sa kapuluan ng Pilipinas.

Ikaapat at huli, bagamat mahalaga ang etnograpikong pagpapahalaga sa pag-aaral ng epiko, may panganib na magtapos lamang dito parati ang talakayan sa loob ng paaralan. Huwag naman sanang magtapos lamang ang pag-aaral sa epiko sa pagpapasaulo sa mga estudyante ng mga pangalan ng mga tauhan at lugar. Umalagwa pa sana ang pag-aaral sa epiko sa higit na malalim na pag-unawa sa kulturang ipinakikita sa loob ng naratibo ng epiko. Bantayan na kawangis nito ang kinasadlakang panganib ng pagtuturo ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* sa mataas na paaralan. Nauuwi lamang minsan ang pag-aaral sa tauhan ni Maria Clara sa pagtukoy kung sino sa mga naging kasintahan ni Jose Rizal ang naging inspirasyon para sa kasintahan ni Ibarra. Kung minsan, hindi na napag-uusapan ang masalimuot na pagpapasyang ginawa ni Maria Clara sa pagbigay ng sulat sa kanya ni Ibarra kay Padre Salvi upang maisuplong ang binata sa mga awtoridad ng Kastila. Ganito rin ang kinasadlakang panganib ng pagtuturo ng wika sa mababang paaralan. Tinuturuan ang mga estudyante ng mga morpema at ponema gayong hindi naman sila mga dalubhasa sa lingwistika. Manapa'y turuan ang mga estudyante kung paano higit na mapaghuusay ang kanilang pagpapahayag sa wikang Filipino, at hindi turuan ng istrukturang pangwika.

Ganito rin ang maaaring mangyari sa pagtuturo ng epiko, na baka mauwi ang usapan sa etnograpiko at antropolohikong pag-aaral sa mga katutubong kulturang kanilang pinagmulan. Baliktad dapat ang mangyari, nandoon ang pagtuturo sa katutubong kultura bilang pantulong sa higit na malalim na pag-

unawa ng naratibo ng epiko. Halimbawa, sa pagbanggit kung paano inutusan ni Banna ang kanyang aliwva na pugutan ng ulo si Kumaw, nandoon ang kahingian na ipaliwanag siyempre na ang aliwva ay bolo na ginagamit sa pagputol ang ulo. Ngunit, hindi kinakailangang talakayin nang malaliman sa loob ng klase ang buong kasaysayan at mekanismo ng ritwal ng pagpupugot ng ulo sa rehiyon ng Cordillera. Dahil hindi tungkol sa pagpupugot ng ulo ang epiko, kung hindi kung bakit hindi magawa ni Banna na siya mismo ang pumatay kay Kumaw, at kinailangan pa niyang iutos ang gawain ng pagpatay sa kanyang bolo. Higit na mahalaga ritong pag-usapan kung bakit inihihiwalay ni Banna ang kanyang sarili sa instrumento ng karahasan at ano ang epekto nito sa kanya bilang mandirigma.

* * *

Pagkatapos talakayin ang mga sagabal sa pagtuturo ng epiko, tumungo tayo ngayon sa mga mungkahi kung paano kaya maaaring ituro ang epiko sa loob ng paaralan nang sumusunod sa metodo ng spiraling na iminungkahi ng Department of Education (DepEd).

PAGTUTURO NG EPIKO SA ANTAS K-3

Sa Antas K-3, hindi pa muna kinakailangang ituro ang epiko bilang epiko; ibig sabihin, bilang anyong pampanitikan ng pabigkas na tradisyon. Sa ganitong batayang antas, kinakailangan lamang ipakilala ang mga bayani ng epiko bilang mga kinatawan ng pagpapahalagang Pilipino na nais nating isaloob ng mga estudyante. Kung kaya, naroon ang kahingian ng paglilista kung ano bang mga pagpapahalagang Pilipino ang nais nating ituro sa mga estudyante, at sino sa mga bayani ng epiko ang pinakamainam na kinatawan ng ganitong pagpapahalaga. Muli, naroroon ang kahingian ng istandardisasyon nang hindi malito ang mga estudyante.

Halimbawa, maaaring maging modelo ng pagiging masunurin at magalang sa mga magulang sina Aliguyon at Pumbakhayon. Hindi puwedeng iangat sina Aliguyon at Pumbakhayon bilang modelo ng kagitingan dahil ipinakita nila ang kanilang kagitingan sa loob lamang ng digmaan. Maliban na lamang kung gusto nating maging pala-away ang mga estudyante natin. Ngunit bilang modelo ng pagiging masunurin at magalang, maaaring magamit sina Aliguyon at Pumbakhayon dahil, ayon sa epiko, huminto sila pati sa kanilang pag-aaway nang tawagin na sila ng mga nanay nila upang papagpahingahin at pakainin. Ganoon ka-masunurin sina Aliguyon at Pumbakhayon na napatitigil ang kanilang laban sa pag-utos lamang sa kanila ng kanilang mga nanay.

Maaari na ring ipakilala sa mga estudyante ang iba't ibang diyos at diyosa

ng mga katutubo, nang tinitiyak ang kanilang mga katangian at maiikling salaysay ng kanilang mga gawain. Halimbawa, sa Ulahingan ng Livunganen-Arumanen, mahalagang ituro na may Diyos ang mga Manobo, si Lagabaan ko Langit, na gawain ang pagpapaalala sa mga nag-aaway na pangkat na magkakapatid lamang silang lahat kaya't walang dahilan upang magkaroon ng alitan. Upang higit na maitanim sa loob ng estudyante ang mga nasabing pagpapahalaga, kailangan ding bumuo ng maiikling anekdota bilang ilustrasyon ng nasabing pagpapahalaga. Katulad ng pagbuo ng anekdota tungkol sa itinapong tsinelas ni Pepe Rizal upang ipakita ang kanyang talino at pakikipagkapwa. Katulad din kung paano humahango ng mga parabula sa Bagong Tipan ng Bibliya upang maipaliwanag ang isang aral.

Hindi pa kailangang ituro ang kabuuang naratibo ng epiko sa Antas K-3. Sapat nang maipakilala ang mga tauhan ng epiko at mga pagpapahalagang kanilang kinakatawan kasabay ng maiikling anekdotang galing sa loob mismo ng epiko. Maaari kung gayong ipasok ang ganitong tunguhin kaugnay ng Values Education sa Antas K-3.

PAGTUTURO NG EPIKO SA ANTAS 4-6

Sa Antas 4-6, maaaring ipasok ang pagtuturo ng epiko sa asignatura ng Filipino, Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at maaari ring isama sa Music, Art, Physical Education and Health (MAPEH). Dito maaaring gamitin ang epiko upang ituro ang katutubong identidad ng mga Pilipino. Dito na rin maaaring ipakita sa mga estudyante ang paglalagay sa mapa ng iba't ibang epiko. Higit pa ngang mapadadali sa bahagi ng mag-aaral ang pagsasaulo ng iba't ibang rehiyon sa bansa, o iba't ibang pangkat pangkultura, kung natutulungan sila sa pagsasaulo ng pagiging pamilyar sa mga naratibo ng epiko. Halimbawa, madaling matandaan ang kultura ng Ifugao at Kalinga kung ituturo sa konteksto ng naratibo ng Hudhud at Ullalim. Maaari pang ipakita sa loob ng klase ang habi ng rehiyon ng Cordillera bilang sumasalamin sa kanilang mga epiko.

Isa pang halimbawa, magandang lunsaran ang epiko upang ituro sa mga estudyante ang pagnguya ng nganga sa mga katutubo. Sa kasalukuyan, nauwi na lamang ang pagnganga sa pagdura sa tabi-tabi ng kalsada. Ngunit sa panahong katutubo, mayaman ang ritwal ng pagnganga na maaaring itumbas nating mga Pilipino sa tradisyon ng pag-inom ng tsaa sa kultura naman ng mga Hapon. Naghahain ng nganga ang mga katutubo kapag may bisita sila; binubuksan ng pagnganga ang anumang kasal, at anumang mahalagang pagdiriwang. Madali ring maipaliwanag ang tradisyon ng buklog ng mga Subanon kung hahanguin sa guman ng *Ag Tobig nog Keboklagan*. Sa Music, maaaring gamitin ang epiko upang ituro ang likas na hilig ng mga katutubo sa mga musikang de-tambol.

Halimbawa, isang idiophone ang bangibang na binabanggit sa Hudhud. Sa Art, maaaring ituro ang mga sinaunang habi na nagsasalaysay ng mga pangyayari mula sa epiko. Sa Edukasyon sa Pagpapakatao, napakaraming pangyayari sa epiko na maaaring gamitin upang ihambing ang ideya ng pagpapakatao noon nang higit na maunawaan ang ngayon.

Muli, hindi pa muna kailangang ituro ang epiko bilang epiko hanggang sa ganitong antas. Mahalaga lamang na ipakilala na may epiko na maaaring magamit upang maunawaan ang iba't ibang kultura sa loob ng Pilipinas sa pagtuturo ng MAPEH.

PAGTUTURO NG EPIKO SA ANTAS 7-8

Dito na iminumungkahing ipakilala sa mga estudyante ang epiko bilang epiko; muli, sa mga asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at MAPEH. Ngunit hindi pa rin muna iminumungkahi na ipabasa ang kabuuang teksto ng alinmang epiko. Baka matakot lamang ang estudyante at mawalan ng gana kapag nakita nila ang napakahabang babasahing teksto. Sa pagpapakilala ng epiko sa mga estudyante sa ganitong antas, may dalawang mungkahing maaaring pagpilian. Una, maaaring detalyadong buod lamang muna na nasa anyong tuluyan ang ipabasa sa mga estudyante. Sa ganitong paraan, magkakaroon na muna ng pamilyaridad ang estudyante sa batayang istruktura ng naratibo ng epiko na babasahin na nila sa anyo nitong patula sa higit na mataas nang antas ng pag-aaral. Kung kaya, sa higit na mataas na antas ng pag-aaral sa epiko hindi na sila mahihirapang sumunod sa kuwento dahil alam na nila ang kabuuang daloy na tatakbuhin ng kuwento. Ikalawa, kung nais nang ipatikim sa estudyante ang tunay na patulang anyo ng epiko, maaaring pumili lamang at sumipi ng isang episodyo sa kabuuan ng epiko na maaaring ipabasa. Madaling gawin ang ganito dahil likas na nahahati sa mga episodyo ang alinmang epiko. Halimbawa, maaaring ipabasa ang kabuuang episodyo ng Agyu kung saan inilalarawan ang bayan ng Nalandangan upang ipaliwanag ang konsepto ng langit para sa mga Manobo. O kaya'y maaaring ipabasa ang mga huling episodyo ng Lam-ang upang ipaliwanag kung gaano karangya ang naging kasalan nina Aliguyon at Bugar sa Hannanga.

Sa pagtuturo ng epiko sa Antas 7-8, kailangan nang harapin at bunuin ng guro ang katotohanan na umiikot lamang sa dalawang pangyayari ang lahat ng epiko sa Pilipinas: sa digmaan at kasal. Sa ganitong antas kailangan nang harapin ang panlilibak at pangmamata sa mga epiko sa Pilipinas bilang wala nang ibang ginawa kundi mag-away at maghanap ng asawa, punong-puno ng dahas at sexist. Kailangang maunawaan ng guro na iba ang kulturang pinagmumulan ng mga epiko. Isinasaprotekta ng mga epiko ang pagpapalawak ng teritoryo ng tribo

na maaari nilang gawin sa pamamagitan ng dalawang ritwalistikong institusyon: ang digmaan at kasal. Komplementaryo ang ugnayan ng dalawa: katulad din ng komplementaryo ang ugnayan ng lalaki, na madalas iniuugnay sa digmaan; at babae, na madalas iniuugnay sa kasal. May isang marahas na pamamaraan, at may isang mapayapang pamamaraan. Ngunit hindi naghahanap ng away ang sinuman sa mga bayani ng epiko para lamang sa kapakanan ng away. Paulit-ulit ngang itinuturo ng mga epiko ang mapayapang pamumuhay. Nababawasan pa nga lalo ang karahasan ng digmaan sa loob ng epiko sa pamamagitan ng paggawa ditong isang ritwal. Halimbawa, sa Hudhud, naging magkaibigan ang dating magkaaway na Aliguyon at Pumbakhayon sa pagiging ritwalistiko na ng kanilang ginawang labanan. Sa bahagi naman ng mga kasunduang kasal, hindi masasabing nakararamdam ng pang-aapi ang mga babae. Nakikita ng mga katutubong babae ang kanilang sarili sa loob ng higit na malawak na konteksto ng pamayanang kolektibo. Nakikita nila ang kanilang sarili bilang mga tagapagpatibay ng mga alyansa sa mga pagitan ng mga bayan. Kapag hindi sila ipinagkasundo sa isang kasal, doon pa sila makararamdam ng pang-aapi dahil hindi sila nabibigyan ng papel sa loob ng lipunang katutubo. Kaya rin nagkakaroon ng kahingiang kumuha ng napakaraming asawa (polygamy) hindi sa kung anumang karnal na luho ng katawan ng lalaki, kundi upang mapalawak ang sakop na kapangyarihan ng pamayanan. Ibig sabihin, kailangang maging maingat ang guro na huwag ipataw ang mga kontemporaryo niyang pagkiling upang husgahan ang lipunang katutubo. Kailangang mag-aral at manaliksik din ang guro tungkol sa katutubong kultura upang higit niyang mapaunawa ang epiko sa hanay ng mga estudyante.

PAGTUTURO NG EPIKO SA ANTAS 9-10

Iminumungkahi na dito sa Antas 9-10 ang pagtuturo ng epiko sa tunay nitong anyong patula bilang produkto ng pabigkas na tradisyon. Maaari muling ipasok sa mga asignatura ng Filipino, Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, MAPEH. Mapapansing kanina pa ginagamit dito ang terminong “naratibo” at hindi “kuwento” bilang pagtukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa loob ng epiko. Idinidiin nito ang kaibahan ng pamamaraan ng pagbasa ng epiko, higit pa sa paggamit ng kategorya ng banghay at tauhan na kadalasang ginagamit sa pagtalakay ng anyo ng maikling kuwento at nobela. Halimbawa, hindi maaaring hanapan ng sikolohikong motibasyon ang mga tauhan ng epiko dahil nilikha sila ng katutubong imahinasyon bilang mga arketipo. Ibig sabihin, hindi maaaring husgahan bilang mga de-kahon ang mga tauhan sa loob ng epiko. Sinadya talaga silang maging ganoon upang maglaman ng mga partikular na ideya mula sa katutubong imahinasyon.

Upang lubos na mapahalagahan ng estudyante ang naratibo ng epiko, iminumungkahing gamitin ang konsepto ng monomyth na isinulong ni Joseph

Campbell sa batayang pag-unawa ng epiko.² Hindi mahirap unawain ang konsepto ng monomyth ni Campbell. Bagkus, mapadadali pa nga nito ang pag-unawa ng mga estudyante sa epiko. Sinasabi lamang ni Campbell na ang lahat ng epiko sa alinmang bahagi ng mundo ay sumusunod lamang sa iisang balangkas ng paglalakbay ng bayani ng epiko. Kung kaya, kinakailangan lamang sundin at tukuyin sa loob ng klase kung anong mga pangyayari sa epiko ang kabilang sa kung anumang yugto ng paglalakbay ng bayani. Sa kabilang banda, marami ring bumatikos sa ganitong mungkahi ni Campbell. Hindi kinikilala ng monomyth ni Campbell ang kakaiba sa bawat kultura, bagkus pinagsasama-sama ang lahat ng kultura sa iisang hulma. May kawastuhan ang ganitong pagtuligsa. Ngunit para sa pangangailangan ng pagtuturo ng epiko sa Antas 9-10, sasapat na ang monomyth ni Campbell upang mabigyan lamang ng direksiyon kahit papaao ang talakayan sa loob ng klase. Kinakailangan lang muna sa Antas 9-10 na maging pamilyar ang estudyante sa naratibo ng epiko, na makilala ang anyo ng epiko. Maaari nang ilaan sa matataas na antas ng pag-aaral ng epiko ang pagtukoy sa mga kaibahan at pagiging katangi-tangi ng mga epiko.

Ayon sa monomyth ni Campbell, may tatlong yugto lamang talaga ang paglalakbay ng bayani ng epiko. Una, ang pag-alis sa kanyang bayan. Ikalawa, ang pagdaan sa mga pagsubok. Ikatlo, ang pagbalik sa kanyang bayan. Kabilang sa unang yugto ang kapanganakan ng bayani, ang pagtawag sa kanyang makipagsapalaran, at ang pagbibigay sa kanya ng mga tutulong sa paglalakbay. Kabilang naman sa ikalawang yugto ang lahat ng pakikipaglaban sa mga kaaway at pag-iwas sa tuksong mapagdadaanan. Ang mga nabanggit na pagsubok ang magpapadalisyay sa bayani ng epiko upang maging karapat-dapat makabalik sa kanyang bayan. Kabilang naman sa ikatlong yugto ang lahat ng kasalan at muling pagpapanumbalik ng kasaganaan ng bayan.

Muli, hindi pakay na ipasaulo sa mga estudyante ang pagyuyugto rito ng paglalakbay ng bayani. Tinuturuan ang mga estudyante tungkol sa epiko at hindi tungkol sa monomyth ni Campbell. Instrumento lamang ang pagyuyugto ni Campbell upang maipaliwanag ng guro sa mga estudyante ang kabuuang paglalakbay ng bayani. Halimbawa, dahil sa pagyuyugtong ginawa ni Campbell, maaari nang itanong sa mga estudyante kung bakit kinailangang umalis ni Banna sa Durawon kahit ayaw naman sana niya. Sa Hudhud, maaari nang itanong kung bakit kinakailangang idetalye nang ganoon kahaba ang kasal nina Aliguyon at Bugan. Nagiging madali nang mag-isip ng mga tanong sa bahagi ng guro kung papaano paaandarin ang talakayan sa loob ng klase, dahil mayroon nang hulmang pangagalangan ang talakayan at pag-aaral.

2 Joseph Campbell, *The Hero with a Thousand Faces* (New Jersey: Princeton University Press, 2004).

Sa napakaraming epiko na pagpipilian sa loob ng bansa, iminumungkahi ang mga sumusunod na ituro sa Antas 9-10: Hudhud, Biag ni Lam-ang, Kudaman, Agyu, Ulahingan, Tuwaang, at Humadapnon. Hindi gaanong naglalaman ng ganoon ka-kontrobersiyal na paksain ang mga inilistang epiko na maaaring mahirap pang ipaunawa sa estudyante sa ganitong antas. Kahit punong-puno ng mga episodyo ng karahasan ng digmaan at patong-patong na kasalan, nauwi pa rin ang mga nabanggit na epiko sa pagpapanaig ng kapayapaan sa loob ng pamayanan. Pinakakontrobersiyal na siguro dito ang Kudaman na tumatalakay sa paglalasing bilang paraan upang maabot at makausap si Nagsalad, ang Dakilang Humabi ng Lahat, ang pinakamataas na Diyos para sa mga Palawan. Ngunit madali nang maipaliwanag ang ganitong paglalasing sa loob ng konteksto ng isang ritwal, kaiba kung gayon sa paglalasing sa kasalukuyang panahon.

PAGTUTURO NG EPIKO SA ANTAS 11-12

Pagdating sa Antas 11 hanggang 12, iminumungkahi pa rin ang paggamit ng monomyth ni Campbell sa pagbibigay ng istruktura at direksiyon sa pagtalakay sa mga epiko. Maaaring ipasok ang pagtuturo ng epiko sa mga asignatura ng Filipino, Philosophy, at Contemporary Local Issues sa Antas 11; at, Filipino, Philippine Literature, World Literature, at Contemporary Global Issues sa Antas 12. Ngunit kaiba sa Antas 9-10, maaari nang talakayin dito ang iba pang epikong may masasabing kontrobersiyal na mga paksain, kung kaya umaalagwa na ang pagtalakay ng epiko hanggang sa mga global na usapin katulad ng migrasyon, isyung pangkasarian, neokolonyalismo, atbp. Kabilang dito ang mga sumusunod na epiko: Ullalim, Labaw Donggon, Panglima Hassan, at Guman. Ibinibilang din dito ang Darangen hindi sa pagiging kontrobersiyal kung hindi sa lantay na kasalimuotan ng balangkas nito. Ibig sabihin, marunong na dapat magbasa ng epiko sa patula nitong anyo ang estudyante upang maunawaan nang lubos ang Darangen. Kontrobersiyal ang Ullalim dahil tinatapos ang epiko sa isang mapaghiganting pagpatay. Sa Labaw Donggon naman pinapaksa kung paano inagaw ni Labaw Donggon ang asawa ng may asawa. Kung bakit ba naman kasi si Nagmalitong Yawa pa ang kanyang nagustuhan gayong asawa na nito si Saragnayan. Isang Parang Sabil naman ang naratibo ni Panglima Hassan, tungkol sa paglusob sa larangan ng mga kaaway at hindi paghinto sa pagpatay hangga't hindi pa napapatay ng kaaway. Hindi nalalayo ang ganitong naratibo sa karanasan ng mga suicide bomber sa kasalukuyan. Sa Guman naman, paulit-ulit at patong-patong lang talaga ang labanan na kung minsan mahirap nang pangatwiranan.

PAGTUTURO NG EPIKO SA KOLEHIYO

Sa pagtalakay na ng epiko sa Antas Kolehiyo, maaari nang basagin ang konsepto ng monomyth ni Campbell. Malaya na ang gurong dalhin sa kung saan mang direksiyon nais niyang dalhin ang pag-aaral sa epiko. Halimbawa,

maaaring gamitin pati sa Biolohiya ang pagtuturo ng epiko gayong sisidlan sila ng pagbanggit ng iba't ibang katutubong flora at fauna na hindi na gaanong napapansin. Mayaman ang Hudhud sa listahan ng mga ibon. Mayaman ang Tuwaang sa paglilista ng mga lokal na puno. Ngunit saanmang direksiyon dalhin ng guro ang epiko, tiyak na magiging mayaman at dinamiko ang magiging talakayan sa loob ng klase dahil naging maganda na ang pundasyon ng pag-aaral sa epiko sa higit na mabababa at mga batayang antas ng pagkatuto.

Sa kabila ng lahat ng direksiyong maaaring tahakin sa pag-aaral ng epiko sa Antas Kolehiyo, iminumungkahi pa rin naman ang pagpapayaman ng kultura ng imahinasyon na kasalukuyang malaking kakulangan ng bansa ayon kay Resil Mojares.³ Sa ganitong paraan lamang magiging kapaki-pakinabang din ang pag-aaral ng epiko sa iba pang disiplina ng karunungan sa loob ng bansa. May maituturo sa ating kultural na kaalaman ang mga epiko na may potensiyal na makapagbago sa mga polisiya ng pamamalakad sa bansa para sa ikasusulong nating lalo sa landas ng kaunlaran.

³ Resil Mojares, "Waiting for Mariang Makiling," sa *Waiting for Mariang Makiling: Essays on Philippine Cultural History* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002).